

COMMONSPIRIT HEALTH DAGDAG NA PATAKARAN SA PAMAMAHALA

DAGDAG na Pananalapi G-003A-2

PETSA NG PAGKAKABISA: Abril 8, 2026

PAKSA: Tulong sa Pananalapi

MGA KAUGNAY NA PATAKARAN

Patakaran sa Pamamahala ng CommonSpirit Pananalapi G-003, *Tulong sa Pananalapi*

Patakaran sa Pamamahala ng CommonSpirit Pananalapi G-004, *Pagsingil at Mga Pagkolekta*

Ang Oregon addendum (Dagdag) na ito ay suplemento sa Patakaran sa Pamamahala ng CommonSpirit G-003, *Tulong sa Pananalapi* (ang Patakaran sa Tulong sa Pananalapi), kung kinakailangan, ayon sa at para sumunod sa mga batas at regulasyon ng Oregon kaugnay ng mga probisyon ng Kawanggawang Pag-aalaga sa Ospital, alinsunod sa seksiyong "Koordinasyon sa Ibang Mga Batas" ng Patakaran sa Tulong sa Pananalapi.

Ang Addendum na ito ay nalalapat sa lahat ng Direktang Kasosyo ng CommonSpirit Health at Mga Tax-Exempt na Subsidiary sa estado ng Oregon, gaya ng tinukoy sa Patakaran sa Tulong sa Pananalapi. Kung ang anumang probisyon ng Addendum na ito ay sumasalungat sa, o hindi naaayon sa, anumang probisyon ng Patakaran sa Tulong sa Pananalapi, ang Addendum na ito ang mangingibabaw.

MGA KAHULUGAN

- A. Ang Panahon ng Aplikasyon** ay nangangahulugang ang panahon na ibinigay sa mga pasyente ng Organisasyon ng Ospital ng CommonSpirit para punan ang aplikasyon para sa Tulong sa Pananalapi. Maaaring mag-aplay ang pasyente para sa Tulong sa Pananalapi anumang oras hanggang labindalawang (12) buwan matapos mabayaran ng pasyente ang mga serbisyong ibinigay ng Pasilidad ng Ospital.
- B. Panahon ng Kwalipikasyon sa Pagiging Karapat-dapat** - Matapos isumite ang Aplikasyon para sa Tulong sa Pananalapi at mga sumusuportang dokumento, ang mga pasyenteng naaprubahang maging karapat-dapat ay bibigyan ng Tulong sa Pananalapi para sa lahat ng karapat-dapat na account sa loob ng Panahon ng Aplikasyon at sa hinaharap sa loob ng siyam (9) na buwan mula sa petsa ng pagpapasya ng Pasilidad ng Ospital at ang pasyente ay hindi na kinakailangang mag-apply muli para sa Tulong Pinansyal para sa mga serbisyong ibinigay sa loob ng siyam na buwang panahong iyon.
- C. Kasama sa Family Income** (Kinikita ng Pamilya) ang kinita ng lahat na miyembro ng isang sambahayan, nangangahulugan ng isang solong indibidwal o mag-asawa, mga kinakasama, o isang magulang at anak na wala pang labinwalong (18) taong gulang, na magkakasama; at iba pang mga indibidwal kung kanino ang solong indibidwal, asawa, kinakasama o magulang ay responsable sa pananalapi, alinsunod sa ORS 442.612 (6).

PAGIGING KARAPAT-DAPAT PARA SA TULONG SA PANANALAPI

- A. Alinsunod sa ORS 442.614, ang isang pasyente na kwalipikado para sa Tulong Pinansyal ay makatatanggap ng libre o may diskwento na EMCare. Ang isang pasyente ay hindi kailangang mag-apply para sa tulong medikal, gaya ng nakalarawan sa ORS 414.025, bago i-screen para sa o sa ibinigay na Tulong Pinansyal.
- B. Dapat i-screen ng mga Pasilidad ng Ospital ang isang pasyente para sa Ipinalagay na Tulong Pinansyal kung ang pasyente:
 - Ay walang seguro;
 - Naka-enroll sa programa ng tulong medikal ng estado; o
 - May utang sa ospital na \$1,500 o higit pa para sa isang beses na pagkaka-ospital pagkatapos maisagawa ang lahat ng pagsasaayos mula sa seguro o mga ikatlong partido na nagbabayad, kung naaangkop.

Bago singilin ang pasyente, i-screen muna ng Pasilidad ng Ospital ang pasyente para sa Ipinalagay na Tulong Pinansyal at ilalapat ang anumang tulong na kwalipikado ang pasyente. Dapat ipaalam ng Pasilidad ng Ospital sa pasyente na sila ay nasuri na para sa Ipinalagay na Tulong Pinansyal at bibigyan ang pasyente ng impormasyon kung paano mag-apply para sa Tulong Pinansyal kung ang pasyente ay tinanggihan, o kung paano mag-apply para sa karagdagang Tulong Pinansyal na higit sa maaaring natanggap na ng pasyente noon.

Maaaring gamitin ng Pasilidad ng Ospital ang mga serbisyo ng ikatlong partido ng Conifer, Breez Health, Waystar, o Experian, para i-screen at tantiyahin ang kita at laki ng sambahayan ng pasyente ayon sa mga pamantayan sa pagiging karapat-dapat na nakasaad sa Addendum na ito. Ang proseso ng screening ay hindi magdudulot ng anumang negatibong epekto sa credit score ng pasyente. Hindi kinakailangang magbigay ang mga pasyente ng anumang hiwalay na sumusuportang dokumentasyon bilang bahagi ng screening para sa Ipinalagay na Tulong Pinansyal, ngunit maaaring kusang-loob na magbigay ang pasyente ng naturang dokumentasyon. Kung ang proseso ng screening ay hindi makapagbibigay ng impormasyon tungkol sa pasyente, o kung hindi nito matukoy na hindi alam ang kita ng pasyente, ang Pasilidad ng Ospital ay magsisikap nang may mabuting hangarin na matukoy ang katayuan ng ipinapalagay sa pagiging karapat-dapat ng pasyente batay sa iba pang impormasyong makukuha. Idodokumento ng Pasilidad ng Ospital ang mga pamamaraang ginamit upang maisagawa ang ipinapalagay sa pagiging karapat-dapat

- C. Ayon sa mga tuntunin ng Patakaran sa Tulong Pinansyal, maliban kung karapat-dapat para sa Ipinalagay na Tulong Pinansyal, ang tiyak na pamantayan sa pagiging karapat-dapat ay kailangang matugunan upang maging kwalipikado ang isang pasyente para sa Tulong Pinansyal. Ina-update ng Dagdag na ito ang mga panukatan sa pagiging karapat-dapat na iyon sa mga sumusunod:
 - Ang Kinikita ng Pamilya ng pasyente ay dapat na mas mababa sa 400% ng FPL.
 - Ang sinumang pasyente na ang Kinikita ng Pamilya ay nasa o mas mababa sa 200% ng FPL ay tatanggap ng libreng pangangalaga.
 - Ang sinumang pasyente na ang Kinikita ng Pamilya ay nasa pagitan ng 201% hanggang 300% ng FPL ay makatatanggap ng may diskwentong pangangalaga

na hanggang sa 75% mula sa kaniyang balanse ng account para sa EMCare na ibinigay sa pasyente pagkatapos ng pagbabayad, kung mayroon man, ng anumang (mga) ikatlong partido.

- Ang sinumang pasyente na ang Kinikita ng Pamilya ay nasa pagitan ng 301% hanggang 350% ng FPL ay makatatanggap ng may diskwentong pangangalaga na hanggang mas mataas sa 50% o AGB ng Pasilidad ng Ospital mula sa kaniyang balanse ng account para sa EMCare na ibinigay sa pasyente pagkatapos ng pagbabayad, kung mayroon man, ng anumang (mga) ikatlong partido.
- Ang sinumang pasyente na ang Kinikita ng Pamilya ay nasa pagitan ng 351% hanggang 400% ng FPL ay makatatanggap ng may diskwentong pangangalaga na hanggang mas mataas sa 25% o AGB ng Pasilidad ng Ospital mula sa kaniyang balanse ng account para sa EMCare na ibinigay sa pasyente pagkatapos ng pagbabayad, kung mayroon man, ng anumang (mga) ikatlong partido.

PAG-AAPLAY PARA SA TULONG PINANSYAL, MGA REFUND, AT ANG PROSESO NG PAG-APELA

- A. Kapag kumpleto ng residente ng estado ng Oregon, ang Aplikasyon para sa Tulong Pinansyal ay mangangailangan lamang sa pasyente na ibigay ang kanilang kita sa sambahayan at anumang impormasyon tungkol sa ikatlong partido na maaaring managot para sa lahat o bahagi ng mga gastos na nauugnay sa mga serbisyong ibinibigay ng Pasilidad ng Ospital. Ang pagbibigay ng impormasyon tungkol sa mga ari-arian ng pasyente ay opsyonal at ang naturang impormasyon ay hindi gagamitin para tanggihan ang Tulong Pinansyal ng pasyente.
- B. Kung dati nang natukoy ng Pasilidad ng Ospital, nang hindi tama, na ang pasyente ay hindi kwalipikado para sa Tulong Pinansyal para sa mga serbisyong batay sa impormasyong ibinigay ng pasyente sa panahon ng maling pagpapasiya, babayaran din ng Pasilidad ng Ospital ang pasyente ng interes sa halaga ng Tulong Pinansyal sa rate na itinakda ng Federal Reserve at anumang iba pang kaugnay na makatwirang gastos, gaya ng mga gastusin at bayarin sa legal, na natamo ng pasyente sa pagkuha ng Tulong Pinansyal.
- C. Kung tatanggihan ng Pasilidad ng Ospital ang Aplikasyon para sa Tulong Pinansyal ng pasyente, buo man o bahagi, aabisuhan ng Pasilidad ng Ospital ang pasyente tungkol sa pagtanggihan sa loob ng sampung (10) araw ng negosyo mula sa pagpapasya ng Pasilidad ng Ospital. Maaaring iapela ng mga pasyente ang pagpapasyang iyon ng pagiging karapat-dapat sa pamamagitan ng nakasulat na pahayag, personal na paghahatid, email, o sa pamamagitan ng online portal ng Pasilidad ng Ospital. Maaaring humiling ang pasyente ng apela sa pagpapasya sa kanilang pagiging karapat-dapat anumang oras sa loob ng apatnapu't limang (45) araw mula sa abiso, o dalawang daan at apatnapung (240) araw pagkatapos ng petsa ng unang pahayag ng billing pagkatapos ng paglabas sa ospital, alinman ang mas huli. Bukod pa rito, maaaring humiling ang isang pasyente ng pagsusuri ng Punong Opisyal sa Pananalapi ng Pasilidad ng Ospital o ng kanilang itinalaga. Maaaring kailanganin ng pasyente na magbigay ng karagdagang dokumentasyon bilang suporta sa kanilang apela. Habang nakabinbin ang apela, sususpindihin ng Pasilidad ng Ospital ang mga aktibidad sa pangongolekta at, kung

naaangkop, aabisuhan ang anumang ahensya ng pangongolekta na suspindihin din ang kanilang mga aktibidad sa pangongolekta. Maglalabas ang Pasilidad ng Ospital ng nakasulat na desisyon sa apela sa loob ng tatlung (30) araw mula sa petsa ng huling pagpupulong ng mga apela o sa petsa ng pagtanggap ng mga pagwawasto kaugnay ng mga kakulangan sa aplikasyon, alinman ang mas huli. Aabisuhan din ng Pasilidad ng Ospital ang pasyente tungkol sa petsa kung kailan magpapatuloy ang anumang nasuspindeng aktibidad sa pagkolekta.

Ang lahat ng iba pang tuntunin na nakalagay sa Patakaran sa Pamamahala ng CommonSpirit Pananalapi G-003, *Tulong Pinansyal*, ay mananatiling hindi nababago.